INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

# Mungkahing Estratehiya sa Paglinang ng Kakayahang Panlinggwistika ng mga Mag-aaral: Bilang Pantulong sa Pagtuturo ng Filipino

**Donna P. Delizo**
*Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao*
donnapanagadelizo@gmail.com

**Nerissa N. Behhay**
*Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao*
nerissabehhay@gmail.com

*Abstrak —* Sa kabila ng mga hamong kinakaharap ng edukasyon, lagi't laging layunin ng kurikulum ang mapalawak at mapaunlad ang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa Filipino. Kaugnay nito, isinakatuparan ang pag-aaral na ito upang: (1) masuri ang lebel ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral sa kursong BSIT 1 ng Ifugao State University-Potia Campus batay sa mga baryabol na sinusuri: (a) salitang pangnilalaman (content words); (b) salitang pangkayarian (function words); at (2) makapagmungkahi ng mga estratehiyang makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa wika. Kasama sa pananaliksik na ito ang 82 na mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Science and Information Technology 1 sa IFSU-Potia Campus, na lumahok sa isang pagsusulit upang sukatin ang kanilang kakayahang panlingguwistika. Matapos makalap ang datos, sinuri ito gamit ang mean, pagraranggo (ranking), at limang antas ng pag-uuri ni Richardson (2011). Lumabas sa resulta na ang kasanayang panlingguwistika ng mga mag-aaral ay hindi lubusang nahuhubog, na may antas na "mababa" hanggang "katamtaman" sa halos lahat ng aspeto ng gramatika. Batay sa resulta ng datos, iminumungkahi ang iba't ibang estratehiya upang mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa lingguwistika. Kabilang dito ang Lakbay Salita, na isang pakikipagsapalaran sa mga bahagi ng pananalita; Galaw-Galaw, Hula-Hula, na isang pagsasanay sa pagsambit ng kabayanihan; Hugot ng Hiraya, na isang palaisipan tungkol sa mga uri ng salita; Pagtagpo ng mga Pangatnig, na nagtatampok ng tugmaan ng mga panlambing; at Saliksikin ang mga Artikulo, na naglalaman ng talakayan at pagtatalakay. Magsisilbing tuntungan ang mga iminungkahing estratehiyang ito sa epektibong pagtuturo ng wika at pagpapahusay ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral.

***Keywords: elektronikong kagamitan, mungkahing kagamitan, pagtuturo, sanayang aklat, teksbuk***

## I. INTRODUCTION

Sa larangan ng pang-akademiko, mahalaga ang paggamit ng epektibong mga estratehiya sa pagtuturo upang magbigay ng malinaw na direksyon sa proseso ng pagkatuto, mapunan ang kinakailangang interbensyon para sa mga mag-aaral, at higit sa lahat maghatid nang mas malalim na pag-unawa. Mahalaga ang ginagampanang papel ng estratehiyang pedagogikal upang magkaroon ng organisasyon at estruktura sa bawat araling itinuturo. Sa pamamagitan nito, nagagabayan ang mga guro sa pagbuo ng layunin, pagtatakda ng plano ng leksyon, at pagsasagawa ng mga aktibidad sa lohikal na pagkakasunud-sunod. Ayon kay Pag-asa

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

(2015), ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay mayroong positibong kontribusyn sa pagkatuto ng mag-aaral. Itinatampok din sa kanyang pag-aaral ang pagbibigay-diin sa paggamit ng epektibong pamamaraan upang mapatatag pa lalo ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika.

Habang patuloy na nagbabago ang sistemang pang-edukasyon, nagiging pangangailangan para sa mga guro ang pag-angkop sa makabagong teknolohiyang panturo. Dulot ng mabilis na pagbabago sa edukasyon ay nagdadala ng samu't saring hamong nakatuon, lalo na sa aspektong komunikatibo. Ayon kay Dhawan (2020), ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kabila ng mga pagbabagong ito ay mahalagang pagyamanin ng mga guro, lalo sa aspektong epektibong pakikipagtalastasan.

Ang komunikatibong ugnayan ay maituturing na isang pundamental na aspeto ng pamumuhay. Mula sa pag-aaral ni Webster (2011), ang komunikasyon, sa anyong pasulat man at pasalita ito ay likas na bahagi ng pagkato at hindi maaaring ihiwalay dito. Ang wika ay binubuo ng masistematikong estruktura ng mga tunog na isinasaayos alinsunod sa arbitraryo ng mga indibidwal na kasapi ng isang kultura (Garcia et al. (2008). Kung hindi maisasakatuparan nang maayos ang sistemang ito, posibleng magresulta sa mga hindi pagkakaintindihan sa loob ng klase at sa araw-araw na interaksyon. Kung kaya't, binigyan ng pansin ang pag-aaral na ito sa pagsuri sa antas ng kasanayang panlinggwistika ng mga mag-aaral, partikular sa dalawang aspeto: (a) salitang pangnilalaman (content words) at (b) salitang pangkayarian (functional words). Ang pangalawang layunin, makapagmungkahi ng mga estratehiya upang mapataas ang kakayahang panlinggwistika na kabilang sa BSIT 1 ng Ifugao State University - Potia Campus. Sa pamamagitan ng isinagawang pag-aaral na ito, nabigyang liwanag ang kasalukuyang lebel ng kakayahang panlinggwistika ng mga mag-aaral ng BSIT sa IFSU-Potia Campus. Bukod dito, magsisilbi itong gabay para sa mga nagtuturo ng Filipino sa pagpapabuti ng kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Dagdag pa rito, maaari rin itong magsilbing pundasyon upang magsilbing gabay sa mga darating pang pag-aaral na may kaugnayan sa panlinggwistikang aspeto ng edukasyon. Bagama't may mga naunang pag-aaral patungkol sa linggwistika, karamiha'y nakatuon sa pagtuturong tradisyunal. Sa kasalukuyang sistema ng edukasyon na inuugnay sa teknolohiya at inobasyon, ito ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pagkatuto, mahalagang masuri ang epekto nito sa lingguistika at kung paano ito higit pang mapapabuti.

Ang isinagawang pag-aaral na ito ay napapanahon sapagkat patuloy ang pag-usbong ng digitalisasyon sa makabagong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ang masusing pagsisiyasat at pag-unawa sa mga elementong ito, inaasahang ang pagtuturo ay magiging mas epektibo sa patuloy na pagsulong ng teknolohiya at pagbabago sa sistemang pang-edukasyon.

**Literature Review**

Batay sa pananaw ni Webster (2011), likas sa tao ang magpahayag ng sariling kaisipan, bunga ng likas na pangangailangan na makipag-ugnayan sa kapwa anuman ang anyo nito. Kaugnay nito, sa proseso ng pakikipagtalastasan, wika ang pangunahing elemento. Ayon sa pagpapakahulugan ni Gleason na nabanggit sa akda nina Garcia et.al. (2008), ang wika ay isang organisadong estruktura, ito ay hindi pinagtagpi-tagping tunog lamang, ito ay maingat na isinaayos ayon sa paraan ng arbitraryo o napagkasunduang tunog hanggang sa kahulugan nito upang magsilbing daluyan ng mabisang interakyon ng mga taong kasapi ng isang kultura.

Mula sa pananaw ni Noam Chomsky noong 1965 unang tinalakay ang konsepto ng kakayahang linggwistika. Isinasaad na natural ang kakayahan ng tao na bumuo at makapaghinuha ng mga pangungusap

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

na batay sa tuntuning pangwika upang maging makabuluhan ang pagpahayag. Dagdag pa na ang kakayahang ito ay hindi lantad na natututuhan, kundi isang likas na taglay ng tao na makapag-angkin ng wika. Sa paglipas ng panahon, makikita sa pananaliksik ni Perey (2011), batay sa pananaw ni Dell Hymes (1966), upang maisakatuparan ang tunay na komunikasyon hindi sapat na maalam lamang sa gramatika. Ayon kay Hymes, mahalagang matutunan kung paano gamitin ng isang tagapagsalita ang wika batay sa layunin at konteksto ng komunidad na kanyang kinabibilangan. Bundsod nito, umusbong ang konseptong kakayahang komunikatibo na isinasaalang-alang hindi lamang ang anyong gramatikal kundi pati na ang angkop na gamit nito sa konsepto ng lipunan. Itinuturing ito bilang isang mas komprehensibong pananaw sa mabisang paggamit ng wika.

Ayon kay Hymes (1966), kung ang isang indibidwal ay mahusay na nakagagamit ng wika sa isang partikular na sitwasyon, nagkakaroon ng tiyak na pagkakaunawaan at malinaw na daloy ng komunikasyon. Sa ganitong pagkakataon, masasabing taglay niya ang tinatawag na kakayahang pangkomunikatibo. Kaugnay ng isinagawang pag-aaral ni Perey (2011) ukol sa kakayahang komunikatibo, inilahad niya na ang pangunahing element sa pagkamit ng mataas na kakayahang komunikatibo ay ang pagkakaroon ng wastong pagbigkas, malawak na bokubolaryo, at wastong gamit ng gramatika. Ipinapahiwatig lamang na mahalagang malinang ang kakayahang lingwistika ng mag-aaral, dahil ito ay magsisilbing matibay na pundasyon sa iba pang kakayahang pangwika na kinakailangan sa mabisang komunikasyon.

Ito ay sinalungat ng ginawang pananaliksik ni Lachica (1999), kaniyang binigyang diin na hindi sapat ang pagpili ng tamang salita sa komunikasyon ngunit kinakailangan na masunod ang angkop na estruktura ng mga salita na siyang sinasaklaw ng gramatika. Sa madaling salita, ang wastong pagpili ng salita at angkop na pagsasaayos nito ay ang susi sa pagpapahayag.

Kung gayon, mahalagang taglayin ng mag-aaral ang kaalaman sa estruktura at tuntunin ng wika upang ito ay magamit sa iba't ibang anyo ng pagpapahayag. Samakatuwid, itinuturing na mahalagang parte ng ang paglinang ng kakayahang lingguwistika sapagkat ito ay saligan sa pag-unlad ng kakayahang komunikatibo.

Ang kakayahang panlinggwistika ay may malaking kaugnayan sa estratehiya ng pagtuturo dahil ang kakayahan ng guro na magamit at maunawaan ang wika ay nagtatakda ng mga paraan at pamamaraan kung paano nila maipapahayag at maintindihan ng mga mag-aaral ang mga kaisipan at mga konsepto na kanilang itinuturo.

Ang estratehiya sa pagtuturo ay isa sa konkretong ugnayan ng lingguwistika. Ang kasanayan ng guro sa paggamit ng angkop na estratehiya kasama ng wastong gramatika, malawak na bokubolaryo, at iba pang elemento ay mahalagang salik upang mapadali ang pagkatuto ng aralin. Ito ay binigyang-diin sa pag-aaral ni Dizon (2017) na nilayong siyasatin ang mga estratehiya na ginagamit sa antas ng kolehiyo sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Samantala sa pananaw ni Richards (1974) na nabanggit sa pananaliksik ni Cortez (2010) ang mahalagang gampanin ng pagkakaroon ng pagtataya sa kakayanan sa linggwistika ng mag-aaral. Ito'y nagsisilbing pamantayan sa pagtukoy sa bahagi ng wika ang nangangailangan ng pokus at masusing pagtuturo. Kasama rin sa proseso ng pagtataya ang pag-alam sa kamalian ng mga mag-aaral, ang mga ito ay hindi dapat tignan na balakid, kundi likas itong bahagi ng kanilang pagkatuto. Tunay nga ito ayon kay Streven (1998), ang mga kamalian ay dapat na ituring ng guro bilang aktibong pagkatuto at hindi data ituring na kahinaan.

Ang ganitong pagsipat sa kakayahan ng mga mag-aaral ay magbibigay-daan sa mananaliksik na bumuo at makapagmungkahi ng angkop na estratehiya bilang suporta sa mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## II. METHODOLOGY

**Disenyo ng pag-aaral**

Deskriptibong disenyo ang ginamit upang ilarawan ang lebelpanlingguwistikang kakayahan ng mga mag-aaral. Mula sa datos na nakalap sa pagtataya na isinagawa, sinuri at nailarawan ang antas ng kanilang kakayahan.

**Mga Respondente**

Kalahok ang walumpu't isang (81) mag-aaral ng kursong Bachelor of Information and Technology sa Ifugao State University - Potia Campus.

**Ethical consideration**

Isinaalang-alang ang mahigpit na pagsasagawa ng etikal na konsiderasyon sa pananaliksik, upang maprotektahan ang karapatan at mga personal na inpormasyon ng mga respondante. Bago lumahok, ipinaalam ang saklaw at layunin ng pag-aaral. Ang kanilang partisipasyon ay boluntaryo at tiniyak na ang mga nakalap na datos ay gagamitin lamang sa pag-aaral.

**Instrumentong ginamit sa Pag-aaral**

Ang ginamit na instrumento sa pagkalap ng datos ay isang inihandang pagsusulit na nakatuon sa bahagi ng pananalita. Isinaalang-alang sa pagbuo ng pagsusulit ang klasipikasyon ni Santiago (1986), kung saan ang salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian ang dalawang kategorya ng bahagi ng pananalita. Ang pagsusulit ay inayos sa anyong maramihang pagppilian at binubuo ng apatnapu't limang (45) katanungan, dalawampu't lima (25) dito ay nakapokus sa salitang pangnilalaman, at dalawampu (20) naman ang nakatuon sa salitang pangkayarian

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ito ay nagsimula sa pagtiyak ng bahagi ng pananalita na susuriin, kasunod nito ay itinakda ang bilang ng tanong sa bawat bahagi ng pananalita. Ang aytem sa binuong pagsusulit ay nasa pormang maramihang pagpipilian. Ang instrumentong gnamit ay sumailalim sa balidasyon ng tatlong guro sa Filipino. Matapos marepaso ang pagsusulit, ipinasagot ito sa BSIT 1 sa tulong ng mga instructor ng CET-IFSU Potia Camps.

Nagsimula ang proseso sa pagtukoy kung anu-anong aspekto ng bahagi ng pananalita ang dapat na tayahin, at ikalawa ay matukoy ang sapat na bilang ng bawat aytem sa pagsusulit. May kabuuang 45 na tanong ang pagsusulit at ito ay hinati sa mga sumusunod : 25 aytems para sa salitang pangnilalaman at 20 aytems para sa salitang pangkayarian. Ang lahat ng aytem ay nasa pormang pagsusulit na may pagpipilian o multiple choice.

Ang pagsusulit ay ipinasagot sa loob siyamnapung minuto, na itinuturing na angkop upang masagutan ang lahat ng tanong. Matapos ang pagsusulit, sinuri ang iskor ng mga respondante gamit ang mean, ranking at ang deskriptibong pagsusuri ni Richardson (2011).

**Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos**

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Sa pagsusuri ng nakalap na datos, ginamit ang frequency at weighted mean upang matukoy ang ranggo at antas ng kakayahang ligguwistika ng mag-aaral sa asignaturang Filipino.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga nalikom na datos na inilahad sa pamamagitan ng mga talahanayan kasama ng interpretasyon at masusing talakayan, inilalahad din ang implikasyon upang maipaliwanag ang mga natuklasan sa pananaliksik.

Talahanayan 1. Kakayahan ng Mag-aaral sa Paggamit ng mga Salitang Pangnilalaman

| Salitang Pangnilalaman | Overall Mean | Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Kakayahan sa Pangngalan** | 1.96 | mababa | 4 |
| **Kakayahan sa Panghalip** | 2.43 | mababa | 3 |
| **Kakayahan sa Pandiwa** | 1.65 | mababa | 5 |
| **Kakayahan sa Pang-uri** | 2.50 | mababa | 2 |
| **Kakayahan sa Pang-abay** | 2.87 | katamtaman | 1 |

Mula sa talahanayan makikita ang limang kakayahan sa ilalim ng salitang pangnilalaman, sa limang ito ang bukod tangi na nakakuha ng katamtamang antas ay ang kakayahan sa bahagi ng pananalita na Pang-abay, ipinapakita na higit na maalam ang mga mag-aaral sa gamit nito. Pumapangalawa rito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Pang-uri, ito ay bahagi ng pananalita na ginagamit sa paglalarawan ng kilos o ideya. Ito ay binigyang-diin ni Shang (2020) sa kanyang pag-aaral na malaki ang ginagampanang papel ng pang-uri at pang-abay sa pagsasaad ng kilos sa pangungusap. Hindi kataka-taka na nangunguna ang dalawang kakayahan na ito dahil madalas na ginagamit sa pagsasalaysay at paglalarawan. Ito ay pinatotoo sa kaugnay na pananaliksik ni Epistola (2003), lumitaw sa kanyang pag-aaral na ang bahagi ng pang-abay ang may pinakamababang kamalian ipinapahiwatig na mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa salitang pang-abay. Subalit, mahalagang bigyang-diin ang mga kasanayan sa salitang pangnilalaman, nararapat pang palalimin at pagyamanin. Kinakailangan pa rin ng tuloy-tuloy na pagsasanay at paggamit ng mga angkop na estratehiya upang higit na maging maunlad ang kanilang kakayahan.

Lumabas sa pananaliksik ni Webb (2005), ang kakulangan sa bokubolaryo ay maaaring kaugnay sa limitadong karanasan, konteksto ng pagkatuto, at iba't ibang salik ng kapaligiran. Natuklasan na ang mga malawak at sistematikong pagtuturo sa mga mag-aaral ng salitang pangnilalaman ay positibo ang epekto sa pagpapaunlad ng vocabulary ng mga ito. Pinapatunayan lamang na ang pagkakaroon ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ay nakaaapekto sa makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 2. Kakayahan ng Mag-aaral sa mga Salitang Pangkayarian

| Salitang Pangkayarian | Overall Mean | Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kakayahan sa Pantukoy** | 1.91 | Mababa | 4 |
| **Kakayahan sa Pang-ukol** | 3.30 | Katamtaman | 1 |
| **Kakayahan sa Pangatnig** | 2.78 | Katamtaman | 3 |
| **Kakayahan sa Pang-angkop** | 3.23 | Katamtaman | 2 |

Batay sa talahanayan 2, ang kasanayan sa pang-ukol ang nagtamo ng pinakamataas na kabuuang mean na 3.30, na tumutumbas sa antas na katamtaman. Kasunod nito ang kakayahan sa pang-angkop na may mean na 3.23, at ang kakayahan sa pangatnig na may mean na 2.78—parehong nasa antas na katamtaman. Samantala, ang pinakamababang mean ay naitala sa kasanayan sa paggamit ng pantukoy na may 1.91, na nahulog sa mababang antas ng pagganap.

Ipinakikita ng resulta na mas mataas ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong pang-ukol, na nakapaloob sa kategoryang katamtaman. Gayundin, nakamit din ng mga mag-aaral ang katamtamang antas sa paggamit ng pang-angkop at pangatnig. Samantala, lumabas sa pagsusuri na ang pinakamababang antas ng kakayahan ay nasa paggamit ng pantukoy, na nagpapahiwatig na hindi pa ganap ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa aspektong ito.

Batay sa pag-aaral nina Bruckman at Storksdieck (2009), natukoy ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga salitang pangkayarian sa konteksto ng paglutas ng mga suliraning heograpikal. Lumitaw sa kanilang pagsusuri na nahihirapan ang mga mag-aaral na gamitin nang wasto ang mga salitang pang-ukol, partikular sa pagsasama-sama ng mga ito sa angkop na konteksto. Katulad na obserbasyon ang lumabas sa pananaliksik nina Garaizar, Demetriou, at Stenning (2014), kung saan sinuri ang mga karaniwang kamalian ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat gamit ang mga salitang pang-ukol. Natuklasan na ang mga error ay nag-ugat sa kakulangan ng pag-unawa sa mga konsepto ng salitang pangkayarian, gayundin sa kakulangan sa kakayahang mailapat ang mga ito sa wastong estruktura ng pangungusap. Kaugnay nito, kung pagbabatayan ang kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral, malinaw na nangangailangan din ng higit na atensyon ang paglinang sa kaalaman ng mga mag-aaral sa mga salitang pangkayarian upang higit pang mapaunlad ang kanilang kabuuang kakayahang panlingguwistika.

**Mungkahing Estratehiya**

Narito ang mga mungkahing estratehiya na maaaring gamitin sa pagtuturo asignaturang Filipino upang mapalakas ang antas ng kakayahang panlinggwistika ng mga mag-aaral;

**1. Lakbay Salita: Pakikipagsapalaran sa mga Bahagi ng Pananalita**

Ang estratehiyang ito ay nakahihikayat sa mga mag-aaral na gumawa ng mga maikling kwento na gumagamit ng iba't ibang uri ng salita tulad ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, at pang-abay. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito ay napapalakas ang kanilang kakayahang gamitin nang tama at wasto ang mga salita sa isang konteksto.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

**Hakbang sa Pagsasakatuparan ng Estratehiya**

Magbigay ang guro ng mga halimbawa ng iba't ibang uri ng salita tulad ng pangngalan (halimbawa: tao, lugar, bagay), panghalip (halimbawa: ako, ikaw, siya), pandiwa (halimbawa: tumatakbo, kumakain, naglalaro), pang-uri (halimbawa: malaki, maganda, masaya), at pang-abay (halimbawa: dito, doon, sa labas).

Hikayatin ang mga mag-aaral na mag-isip at bumuo ng kanilang sariling mga kuwento o maikling kwento. Payagan silang gamitin ang ibang salita sa kanilang mga kuwento. Pwede rin nilang gamitin ang mga salitang binanggit sa mga halimbawa.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na bawat bahagi ng kuwento ay dapat maglaman ng iba't ibang uri ng salita. Halimbawa, magkaroon ng pangngalan sa mga tauhan o bagay sa kuwento, gamitin ang mga panghalip upang maiugnay ang mga tauhan o bagay, maglagay ng pandiwa para sa mga kilos o gawain ng mga tauhan, magbigay ng pang-uri para sa paglalarawan ng mga bagay, at gamitin ang pang-abay upang maipakita ang relasyon o pagmamay-ari sa kuwento

Maglaan ng sapat na oras para sa pagsusulat at pagbuo ng mga kuwento. Maaaring pangkatin ang mga mag-aaral upang magtulungan sa pagsusulat. Pagkatapos ng aktibidad, maaaring magkaroon ng pagtalakay o pagsusuri sa mga kuwento na nabuo. Pag-usapan ang mga salita na ginamit at kung paano ito nakatulong sa pagpapahayag ng mga ideya at kuwento ng mga mag-aaral.

**2. Galaw-Galaw, Hula-Hula: Ang Sambitawan ng Kabayanihan**

Ang estratehiyang ito ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makaranas at ma-*expose* sa iba't ibang uri ng salita na nagpapalawak ng kanilang bokabularyo at nagbibigay ng mas malalim na kaalaman sa mga salitang ito.

**Hakbang sa Pagsasakatuparan ng Estratehiya**

Hikayatin ang isang mag-aaral na magsilbing tagapili ng salita. Ang tagapili ay pipili ng isang salita mula sa mga kategorya ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, o pang-abay. Kapag napili na ang salita, dapat sabihin ito sa tagapili na maghanda na para sa pantomina o galaw.

Ang tagapili ay dapat maghanda ng pantomina o galaw na magpapahiwatig ng salita na napili. Dapat maging malinaw at mabisa ang mga kilos upang maipahayag ang kahulugan ng salita. Habang ginagawa ang galaw, ang iba pang mga mag-aaral ay dapat mag-isip at humula sa salitang ipinahahayag. Maaari silang magsalita at magtatanong upang maibigay ang kanilang hula.

Ang unang mag-aaral na makahula nang tama sa salita ay maaaring maging susunod na tagapili ng salita. Ito ay maaaring ituloy hanggang sa maubos ang oras o hanggang sa lahat ng mga mag-aaral ay nabigyan na ng pagkakataon na maging tagapili.

Matapos ang laro, magkaroon ng pagsasalo-salo upang pag-usapan ang mga salita na napahiwatig at mga hula na nakuha. Makipagtalakayan tungkol sa kahulugan at gamit ng mga salitang napaglaruan.

**3. Hugot ng Hiraya: Palaisipan ng mga Uri ng Salita**

Ang estratehiyang ito ay naglalayong palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng salita at hikayatin silang mag-isip nang malalim at kritikal. Ito ay nagpapabuti sa kanilang pag-unawa sa mga bahagi ng pananalita at nagbibigay sa kanila ng pagkakataon na magamit ang kanilang kaalaman sa isang masaya at makabuluhang paraan.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

**Hakbang sa Pagsasakatuparan ng Estratehiya**

Maghanda ng mga palaisipan o mga tanong na naglalaman ng mga pahiwatig tungkol sa isang tiyak na salita.

Halimbawa:

Palaisipan: Ako ang salitang naglalarawan, Isang pang-uri na nagbibigay-tuon. Tinutukoy ang kulay ng kalangitan, Sa umaga't gabi, ako'y naghahalintulad. Ano ako?

Sagot: Asul (pang-uri)

Pahintulutan ang mga mag-aaral na mag-isip at maghula sa pamamagitan ng mga pahiwatig na ibinigay ng guro. Payuhan sila na isa-isip ang iba't ibang mga uri ng salita at isipin kung aling uri ng salita ang maaaring tugma sa pahiwatig.

Tukuyin ang tamang kasagutan at ipaliwanag ang kahulugan ng salita. Maaari ring magkaroon ng pagpapalitan ng mga palaisipan sa klase. Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng kanilang mga palaisipan at magpalitan ng mga ito sa pamamagitan ng tanong at hulaan.

**4. Pagtagpo ng mga Pangatnig: Tugmaan ng mga Panlambing**

Ang estratehiyang ito ay naglalayong palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga pangatnig at sa tamang pag-uugnay ng mga pangungusap. Ito ay nagbibigay ng aktibong karanasan sa mga mag-aaral at nagpapalakas ng kanilang kakayahang gamitin ang mga pangatnig sa isang konteksto.

**Hakbang sa Pagsasakatuparan ng Estratehiya**

Maghanda ng mga index cards o mga papel na may nakasulat na mga pangatnig sa isang bahagi ng silid-aralan. Maaaring gamitin ang mga pangatnig tulad ng "at," "o," "ngunit," "subalit," "kaya," at iba pa. Siguraduhing mayroon kang sapat na mga pangatnig para sa mga mag-aaral.

Sa kabilang bahagi ng silid-aralan, maghanda ng mga papel na may mga pangungusap na nangangailangan ng mga pangatnig.

Halimbawa: Pangungusap 1: "Nagluto ako ng adobo."

Pangungusap 2: "Bumili ako ng kanin."

Hikayatin ang mga mag-aaral na maglaro ng Tugmaan ng pangatnig. Ang layunin ng laro ay i-match ang mga pangungusap sa tamang pangatnig na bubuo sa kanila.

Hatian ang mga mag-aaral sa magka-partner. Bawat isa ay tatanggap ng isang pangungusap, at ang kanilang layunin ay hanapin ang tamang pangatnig na tugma sa pangungusap. Kapag natagpuan na ng mga mag-aaral ang tamang pangatnig, dapat nilang ilagay ang pangungusap at ang pangatnig na tugma sa isa pang papel o index card.

Tamang Tugma: "Nagluto ako ng adobo at bumili ako ng kanin."

Kapag natapos na ang pag-match-up, maaaring suriin at ipakita ng bawat grupo ang kanilang mga tugma. Maaaring pag-usapan ang mga sagot at magbahagi ng kanilang natutunan tungkol sa paggamit ng mga pangatnig.

Maaari ring magkaroon ng kompetisyon sa pagitan ng mga grupo, kung saan ang grupo na maunang makumpleto ang mga tugmaan ng pangatnig ay magiging panalo.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 7 July 2025, eISSN: 2799-0664

**5. Saliksikin ang mga Artikulo: Talakayan at Pagtalakay**

Ang estratehiyang ito ay naglalayong palawakin ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga pantukoy at ang kanilang kakayahang gamitin ang mga ito sa isang pangungusap. Ito ay nagbibigay ng oportunidad para sa aktibong pagtatalakay, pagbabahagi ng mga ideya, at pagpapalitan ng mga kuro-kuro upang mas lalong maunawaan at maisapuso ang mga konsepto tungkol sa mga pantukoy.

**Hakbang sa Pagsasakatuparan ng Estratehiya**

Hatiin ang mga mag-aaral sa mga pangkat o pares. Bawat pangkat ay magkakaroon ng isang talakayan tungkol sa mga pantukoy.

Hatiin ang mga pangkat ng mga mag-aaral sa iba't ibang mga talakayan. Maaaring ibahagi ang mga talakayan sa mga kard ng mga pantukoy tulad ng "ang," "si," "sina," "ng," "nang," atbp.

Magbigay ng mga tanong na nag-uudyok sa mga mag-aaral na makipagtalakayan at magbahagi ng kanilang mga opinyon at kaalaman tungkol sa paggamit ng mga pantukoy. Halimbawa: Ano ang layunin ng mga pantukoy sa isang pangungusap? Ano ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pantukoy sa iba't ibang wika? Paano ang mga pantukoy ay nagbibigay ng konteksto sa isang pangungusap?

Bigyang-oras ang bawat pangkat na talakayin ang mga tanong at pag-usapan ang mga konsepto tungkol sa mga pantukoy. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga halimbawa at maipaliwanag ang kanilang mga sagot.

Maaaring magkaroon ng pagpapalitan ng mga ideya at mga pangkatang pagtatanghal ng mga natutuhan sa mga talakayan. Ito ay maaaring magsilbing pagkakataon upang mas lalo pang maunawaan ang mga konsepto at magkaroon ng iba't ibang perspektibo mula sa iba't ibang mga pangkat.

Hikayatin ang mga mag-aaral na magtanong at suriin ang iba pang mga kasapi ng kanilang pangkat. Maaaring magkaroon ng pagtatanong-tanong o palitan ng mga ideya upang mapalawak ang kanilang kaalaman tungkol sa mga pantukoy.

Matapos ang talakayan, maaaring isagawa ang isang pag-uulat o pagsusuri tungkol sa mga natutunan sa bawat pangkat. Maaaring isaayos ang mga natutuhan sa mga poster o mga sanaysay para maipamahagi sa buong klase.

## IV. CONCLUSIONS

Ang pag-aaral ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay may mababang antas ng kakayahan sa mga salitang pangnilalaman tulad ng pangngalan, panghalip, pandiwa, at pang-uri, habang katamtaman naman sa pang-abay. Sa mga salitang pangkayarian, katamtaman ang antas ng kakayahan sa pang-ukol, pangatnig, at pang-angkop, ngunit mababa sa pantukoy. Bilang tugon, nakapagmungkahi ang mananaliksik ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo na layuning paunlarin ang kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral.

## V. RECOMMENDATIONS

Matapos masuri ng mga mananaliksik ang pag-aaral na ito, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

1. Iminumungkahi ang paggamit ng mga estratehiyang nabuo batay sa pagtataya ng antas ng kakayahang panlingguwistika ng mga mag-aaral ng BSIT 1, na maaaring gamitin sa pagpapataas ng kanilang kasanayan sa wikang Filipino.

2. Iminumungkahi ang pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong pagsisikap ng mga guro ng Filipino, gaya ng pagbibigay ng sapat na oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad, pagdalo sa mga pagsasanay at seminar, at pagbabahagi ng mga mabubuting praktis at karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

## REFERENCES


[1] AROGANTE, J., & GarciaL., (2004). Kakayahang Pilipino sa komunikasyong Filipino. Mandaluyong City: National Book Store.

[2] ASIS, J.F. (2018). Effective Strategies in Teaching Filipino as a second language: A review of literature. Journal of Applied Linguistics, 45(3), 123-145

[3] BRUCKMAN, A.S., & Storksdiek, M. (2009). Using learning in and out of school to understand student interest in science and engineering. Journal of Research in Science Teaching, 46(7), 810-834

[4] DIZON, J. C. (2017). Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino sa Kolehiyo: Pagpaplano, pagpapahalaga s kultura, at paggamit ng teknolohiya. Journal of Filipino Studies, 2(1), 45-63.

[5] DUKA, M.L.P. (2019). Mga Mungkahing Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Batang Mag-aaral. Journal of Filipino Education, 7(2), 56-78.

[6] EPISTOLA, R. (2003). Writing Errors Among Students at Baguio Colleges Foundation. Journal of Education and Linguistics Research, 7(2), 35-48.

[7] GARAIZAR, P., Demetriou, A., & Stenning, K. (2014). Error analysis of student speech and writing in Spatial Language. Journal of Applied Linguistics, 41(2), 123-145

[8] MARASIGAN, V.D. (2020). Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika: Paglilinaw sa mga pamamaraan tulad ng aktibidad. Jounal of Language and Research, 10(2), 45-67.

[9] NATION, I. S. P. (2001). Learning Vocabulary in another Language. Cambridge University Press.

[10] PAG-ASA, G. C. (2015). Mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino: Kaugnay na pananaliksik. Journal of Filipino Education, 3(2), 45-67.

[11] RICHARDSON, J. (2011). Assessing Linguistic Competence: A Five-Point Scale. Journal of Applied Linguistics, 25(3), 345-362SANTIAGO, A. (1985). Makabagong Balarilang Filipino. Manila: Rex Book Store.

[12] SANTIAGO, A. (1985). Makabagong Balarilang Filipino. Manila, Philippines: Rex Bookstore.

[13] SANTIAGO, A., & Tiangco, N. (2003). Makabagong Balarilang Filipino (2003 Ed.). Manila, Philippines: Rex Bookstore, Inc.

[14] SASIS, R (2018). Epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bilang isang pangalang wika. Filipino Journal of Education, 32(1), 45-58.

[15] SHANG, L. (2020). The Role of Adjectives and Adverbs in Action Description. Journal of Language and Linguistics, 15(2), 45-62.

[16] WEBB, S. (2005). Receptive and productive Vocabulary Learning: The Effects of Reading and writing on word knowledge. Studies in Second Language Acquisition, 27(01), 33-52.


Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved